F-Secure Mobile Security™
for UIQ

1. Pag-install at Pagpapabuhay

Pag-i-install

Upang mag-install:

- I-download ang file sa pag-install papunta sa iyong computer at ilipat ito sa aparato,
- I-download ang file sa pag-install papunta sa iyong computer at i-install ang produkto sa pamamagitan ng Sony Ericsson PC Suite, o
- I-download nang direkta sa iyong aparato ang pag-install. Awtomatikong magsisimula ang pag-install

Matapos na makapag-install, muling simulang paandarin ang aparato kung hihilingin ka ng pag-install na gawin ito. Kapag handa na ang pag-install, kailangan mong buhayin ang produkto. Hindi pinoprotektan ng produktong ito ang iyong aparato kung hindi mo pa ito napapabuhay.

Pagpapabuhay

Para simulan ang pagpapabuhay:

1. Buksan ang application. Ipinapakita ang screen ng Pagbati.
2. Pindutin ang **Ituloy** upang magpatuloy.
3. Piliin ang uri ng pagpapabuhay:
   - Upang simulan ang panahon ng panunubok, piliin ang **Free evaluation** bilang uri ng pagpapabuhay kung ito ay magagamit at pindutin ang **Gawa na**, o
   - Upang makuha ang bersyon na may ganap na lisensya, piliin ang **Kodigo ng suskrisyon** bilang uri ng pagpapabuhay, at pindutin ang **Gawa na**. Ipasok ang iyong numero ng suskrisyon at pindutin ang **Gawa na**.
4. Pindutin ang **Oo** upang piliin ang Internet access point na pagkakabitan para sa serbisyo ng pag-update at simulan ang pag-download ng mga update, o pindutin ang **Hindi** upang ikansela ang pagpapabuhay.

   Ang application ay kumokonekta sa iyo sa serbisyo ng pagpapasariwa at sinusumite nito ang iyong numero ng suskrisyon. Sa unang update, magda-download ang application ng isang bagong database ng pagkilala ng bayrus.
5. Kapag kumpleto na ang pag-download, may mensaheng magbibigay-alam sa iyo na tagumpay ang pagrerehistro at napabuhay na ang application. Pindutin ang **Ituloy** upang wakasan ang pagpapabuhay.
6. Kapag natapos mo na ang pagpapabuhay, i-scan ang iyong aparato para sa mga bayrus upang siguraduin na malinis ang iyong aparato. Tingnan ang bahaging *Mag-scan para sa mga Bayrus* sa ibaba.

   Kailangan mong i-scan ang iyong aparato tuwing hihilingin ito ng application.

2. Mag-scan para sa mga Bayrus

Ang F-Secure Mobile Security ay umaandar sa background at awtomatiko nitong kiniklatis ang iyong mga file.

1. Kapag may natagpuang bayrus habang isinasagawa ang real-time scan, may ipapakitang mensahe. Pindutin ang **Oo** upang tingnan ang (mga) nahawaang file, o **Hindi** upang isara ang dialog.
2. Ang tanaw ng mga Impeksyon ay naglalaman ng isang lsitahan ng mga nahawaang file sa aparato at ang katayuan ng file (kung ikinulong man o pinakawalan).
3. Upang tingnan ang karagdagang mga detalye ukol sa isang nahawaang file, piliin ang file, at piliin ang **Mga Detalye** galing sa menu.

Pagsasaproseso ng mga Nahawaang File

Upang maisaproseso ang mga nahawaang file:

1. Sa pagtanaw ng mga Pagkakahawa, piliin ang nahawaang file upang maisaproseso.
2. Piliin ang **Minarkahan ang proseso** galing sa menu.
3. Mula sa menu na **Minarkahan ang proseso**, piliin ang nais na pagkilos.

   Maaari mong isaproseso ang mga nahawaang file sa isa sa mga sumusunod na paraan:

   - **Quarantine** - ipa-quarantine o ikulong ang nahawaang file. Ang isang napa-quarantine na file ay kinakandado at hindi nito mapipinsala ang iyong aparato kapag ang F-Secure Mobile Security ay nakabukas.
   - **Burahin** - burahin ang nahawaang file. Ito ang inirerekekumendang pagpipilian. Ang file ay ganap na tatanggalin mula sa iyong aparato.
   - **Pakawalan** - pakawalan ang pina-quarantine na file. Kapag pinakawalan mo ang isang file, hindi na ito ikakandado. Ikaw ang haharap sa panganib ng paggamit nito.

3. Pag-iwas sa Di-pinapayagang Trapiko sa Network

Ang firewall sa F-Secure Mobile Security ay tahimik na gumagana sa background. Sinusubaybayan nito ang papasok at palabas na impormasyon sa Internet at network, at pinoprotektahan ka laban sa mga pagsubok na manghimasok. Ang mga dati nang tinukoy na antas ng firewall ay nagbibigay-daan sa iyo upang agaran mong mapalitan ang antas ng proteksyon ayon sa iyong mga pangangailangan.

Pagpili ng Antas ng Firewall

Upang piliin ang antas ng firewall:

1. Sa alinman sa pagtanaw, piliin ang **Mga Setting** galing sa menu.
2. Piliin ang **Pagprotekta ng firewall** at piliin ang nais na antas ng firewall:
   - **Payagan Lahat** pinapayagan ang lahat ng paglabas-pasok ng trapiko sa network.
   - Ang **Normal** - ay nagpapalusot sa lahat ng gma palabas na koneksyon at hinaharangan ang lahat ng mga papasok na trapiko.
   - Ang **Mataas** - ay nagpapalusot sa mga pinakamadalas-gamitin na mga application at hinaharangan ang lahat ng mga papasok na trapiko.
   - **Tanggihan Lahat** – itinitigil ang lahat ng paglabas-pasok ng trapiko sa network.
3. Pindutin ang **Select**

4. Pagpapanatiling Sariwa ang Produkto

Mga Awtomatikong Pagpapasariwa

Ang F-Secure Mobile Security ay may kasamang serbisyo sa awtomatikong pagpapasariwa, na nangangahulugan na ang database ng pagkilala sa bayrus na nasa application ay regular na napapasariwa. Tanging ang isang sariwang database sa pagkilala ng bayrus ang makakaprotekta sa iyong aparato laban sa mga pinakabagong bayrus. Ang mga awtomatikong pagpapasariwa ay paaandarin matapos mong buhayin ang produkto.

Ang application ay nangangailangan ng isang aktibong koneksyon sa Internet para sa mga pagpapasariwa. Kapag may magagamit nang koneksyon sa Internet, sinusuri ng application kung kailan huling napasariwa ang database ng pagkilala ng bayrus at mag-download ng mga bagong pagpapasariwa kung kinakailangan.

Mano-manong Mga Pagpapasariwa

Upang mano-manong pasariwain ang application:

1. Sa alinman sa pangunahing pagtanaw, piliin ang **Pasariwain** galing sa menu.
2. Piliin ang Internet access point na gagamitin upang kumonekta sa server ng pagpapasariwa. Dina-download ng application ang pinakabagong database sa pagkilala ng bayrus at agad itong pinapatupad.
3. Kapag wakas na ang update, pindutin ang **Oo** upang i-scan ang iyong aparato laban sa mga bayrus kung tatanungin ka kung gagawin mo ito. Tingnan ang bahaging *Mag-scan para sa mga Bayrus* sa itaas.

Bersyon Mga Pagpapasariwa

Kapag may isang bagong bersyon ng F-Secure Mobile Security ang magagamit, may mensahe na lalabas upang hilingin kang mai-download ito. Awtomatikong magsisimulang umandar ulit ang application kapag nakumpleto na ang update.

Suportang Pang-teknikal

Para sa karagdagang impormasyon, i-download ang *F-Secure Mobile Security for UIQ User's Guide* (makukuha sa wikang Ingles) sa http://mobile.f-secure.com/

Kapag mayroon kang mga katanungan ukol sa application na hindi natalakay sa mga gabay o sa mga serbisyong online, maaari kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na tagapamahagi ng F-Secure o nang direkta sa F-Secure Corporation.

PAGLILINAW

Ang "F-Secure" at ang simbolong tatsulok ay mga rehistradong markang-kalakal (registered trademarks) ng F-Secure Corporation at ang mga pangalan at simbolo/logo ng produkto ng F-Secure ay mga markang-kalakal (trademarks) o rehistradong markang-kalakal (trademarks) ng F-Secure Corporation. Ang lahat ng mga pangalan ng produkto na nababanggit dito ay mga markang-kalakal o rehistradong markang-kalakal ng kani-kanilang mga kaukulang kumpanya. Nililinaw ng F-Secure Corporation na hindi nito inaangkin ang pagmamay-ari ng mga marka at pangalan ng iba pa. Bagaman ginagawa ng F-Secure Corporation ang lahat ng pagsusumikap upang siguraduhin na wasto ang impormasyon na ito, walang sagutin ang F-Secure Corporation sa anumang mga pagkakamali o pagkakalaktaw ng mga katunayan na nakapaloob dito. Inilalaan ng F-Secure Corporation sa sarili nito ang karapatan na baguhin ang mga detalyeng nabanggit sa dokumentong ito nang walang paunang abiso.

Ang mga kumpanya, pangalan at data na ginagamit sa mga halimbawa dito ay kathang-isip lamang maliban kung baligtad ang ipinahiwatig. Walang anumang bahagi ng dokumentong ito ang maaaring kopyahin o ilipat sa anumang anyo o sa anumang paraan, elektroniko man o de-makina, para sa anumang layunin, nang walang tahasang nakasulat na pahintulot ng F-Secure Corporation.

Ang produktong ito ay maaaring masaklaw ng isa o higit pang mga patent ng F-Secure, kabilang ang mga sumusunod:

GB2353372, GB2366691, GB2366692, GB2366693, GB2367933, GB2368233, GB2374260

Karapatang-kopya © 2007 F-Secure Corporation. Lahat ng karapatan ay nakalaan